Pahayag para sa Press

Naka-embargo hanggang 0830 Maynila (00:30 UTC) Ika-1 ng Oktubre 2021

IHS Markit Philippines Manufacturing PMI®

Naabot ng PMI ang pinakamataas sa loob ng anim na buwan noong Setyembre

Key findings

Mas kaunting pagbaba sa output at mga bagong order sa gitna ng mga lumuluwag na paghihigpit

Nagpatuloy ang mga pagsisikap sa pag-iimbak sa pre-production

Nananatiling lubos na naaapektuhan ng mga kakulangan sa buong mundo ang mga oras ng paghahatid ng supplier

Philippines Manufacturing PMI

sa, >50 = pagganda mula noong nakaraang buwan



Source: IHS Markit.

Ang data ng Setyembre 2021 ay nakolekta noong 13-23 Setyembre 2021.

Nagpakita ang pinkabagong data ng PMI ng hakbang sa tamang direksyon para sa sektor ng pagmamanupaktura sa Pilipinas dahil winakasan nito ang ikatlong quarter ng 2021 nang nanunumbalik ang pangkalahatang pagpapalawak. Bagama't bahagya lang ito, sinundan ng pagtaas ang matinding contraction noong Agosto pagkatapos ng muling pagpapatupad ng mga panuntunan ng Enhanced Community Quarantine (ECQ). Habang patuloy na umiiral ang ilang paghihigpit kaugnay ng virus, bumagal ang pagbaba ng output, mga bagong order, pagbili ng input, at trabaho sa buwang ito sa gitna ng mas maluluwag na panuntunan. Bukod pa rito, ipinagpatuloy ng mga kumpanya ang mga pagsisikap sa pag-iimbak noong Setyembre bilang paghahanda sa mas malaking demand ng kliyente. Gayunpaman, patuloy na natatamaan ang mga kumpanya ng mga kakulangan sa supply sa buong mundo, kung saan kapansin-pansing tumatagal ang mga oras ng paghahatid at mataas ang inflation sa presyo ng input sa buong kasaysayan.

Mabilis na umangat ang IHS Markit Philippines Manufacturing PMI® sa 50.9 noong Setyembre mula sa 46.4 noong Agosto, na naitala nang bahagyang mas mataas sa 50.0 na threshold na walang pagbabago na naghihiwalay sa expansion at contraction. Bagama't bahagya lang ito, ang pinakabagong pagtaas ang naging pinakamalaki mula noong Marso.

Kumaunti ang produksyon noong Setyembre, na nagmarka ng sunod-sunod na anim na buwan ng pagkaunti. Patuloy na isinasaad ng mga kumpanya na humahadlang sa produksyon ang mga natitirang paghihigpit kaugnay ng COVID-19. Gayunpaman, bumagal nang husto ang pagbaba mula sa nakita noong Agosto. Binanggit ng mga kumpanyang iyon na nakakapagtala ng mas matataas na antas ng output ang pagpapatuloy sa mga pagpapatakbo ng pabrika.

Gayundin, bumaba pa ang mga bagong order, ngunit mas mabala ito noong Setyembre. Batay sa mga pahayag, pangkalahatang may pag-aalinlangang gumastos ang mga kliyente sa gitna ng mga kasalukuyang paghihigpit. Samantala, pagkatapos ng matinding pagbagsak noong nakaraang yugto ng survey, malawakan ang kawalan ng paggalaw sa mga bagong benta ng export.

Dahil sa pinagsama-samang mahinang demand ng consumer, mga panuntunan ng ECQ, at kusang-loob na pag-alis sa trabaho, naging mas kaunti ang mga tauhan sa mga kumpanya ng pagmamanupaktura sa Pilipinas. Bumaba sa 20 ang mga headcount sa nakalipas na 21 buwan, at matindi ang pangkalahatang pagbaba noong Setyembre.

Sa kabila ng tuloy-tuloy na pagbabawas ng trabaho, nalabanan ng mga kumpanya ang mga backlog, tulad ng ginagawa nila mula pa noong Marso 2016. Gayunpaman, bahagyang bumagal ang pag-ubos ng backlog kumpara sa nakita

ipinagpatuloy...

Komento

Bilang komento sa data ng survey sa Philippines Manufacturing PMI, ipinahayag ni Shreeya Patel, na Ekonomista sa IHS Markit, na:

"Pagkatapos ng mahirap na yugto ng pangangalakal noong Agosto, tinanggap ng mga nagmamanupaktura sa Pilipinas ang pagpapaluwag ng ilang paghihigpit kaugnay ng virus. Ipinagpatuloy ng maraming pabrika at negosyo ang kanilang mga pagpapatakbo, gayunpaman, nanatiling mapanghamon ang lokal at pandaigdigang demand. Nagpatuloy ang pagbabawas ng trabaho, ngunit binibigyang-diin ng ebidensya ayon sa mga pahayag na kusang-loob ang karamihan dito. Gayunpaman, matindi ang pagbagsak ng mga backlog na maaaring magresulta sa mga pagsisikap na limitahan ang paggastos at bawasan ang mga headcount hanggang sa gumanda ang demand sa mga produktong namanupaktura sa Pilipinas.

"Naging problema rin sa sektor ang mga kakulangan sa buong mundo dahil sa mabibilis na pagtaas ng mga presyo. Sa kasamang palad, kakailanganing tiisin ng mga kumpanya ang pakaantala dahil walang pahiwatig ng pagbagal ang mga pressure sa supply.

"Sa kabila nito, nagkaroon ng optimismo dahil sa pagsisikap sa pagbabakuna, at sa pagkuha ng pamahalaan ng marami pang dosis, naninindigan ang Pilipinas na bakunahan ang populasyon."

© 2021 IHS Markit

PMI® By IHS Markit

noong Agosto.

Patuloy na naaapektuhan ang mga supply chain ng mga pandaigidigang paghihigpit kaugnay ng COVID-19 noong Setyembre. Bukod pa sa pandemya, may mga ulat ng paninikip sa mga daungan, pagkaantala sa mga kargamento, at kakulangan sa container. Maliban sa kapansin-pansing pagbaba na nakita noong nakaraang yugto ng survey, humaba ang mga lead time sa pinakamatagal magmula Agosto 2020.

Bilang pagtugon sa matatagal na lead time, at bilang paghahanda sa mas malaking demand ng kliyente, itinaas ng mga kumpanya ang kanilang mga stock ng pagbili, na sinundan ang isang pagbaba noong Agosto. Nabawasan ang mga hawak pagkatapos ng produksyon sa ikalawang magkasunod na buwan, ngunit mabagal lang.

Ang pagtuon sa mga presyo, kakulangan sa mga raw material, kakulangan sa container, mga mas mahal na bayarin sa pagpapadala, at hindi kanais-nais na paggalaw ng exchange rate ang ilan sa mga pangunahing dahilan ng mga pagtaas ng gastusin, ayon sa mga miyembro ng panel. Humupa ang inflation sa presyo ng input nang limang magkakasunod na buwan, ngunit mas mabilis pa rin ito kaysa sa pangmatagalang average ng serye.

Bilang resulta, napalakas nito ang isa pang pagtaas sa mga pagsingil sa pagbebenta habang nagsisikap ang mga kumpanyang magpasa ng bahagi ng pasanin. Gayunpaman, maliit lang ang inflation sa pagsingil, at mahina ito sa konteksto ng dating data. Binanggit ng mga kumpanyang nagbaba ng kanilang mga presyo sa pagbebenta ang mga pagsisikap na hikayatin ang mga benta.

Panghuli, positibo ang mga pananaw sa pangkalahatan, at mas maganda ang mga ito kaysa noong Agosto sa gitna ng mga pagsisikap ng pagbabakuna sa buong mundo. Gayunpaman, patuloy na nagdudoda ang mga kumpanya sa mga mas pangmatagalang implikasyon ng COVID-19 kung saan mababa ang optimismo sa buong kasaysayan.

PMI Output Index — Produksyon ng manufacturing



Sources: IHS Markit, CSO.

Makipag-ugnayan

Shreeya Patel
Economist
IHS Markit
T: +44 134 432 8196
shreeya.patel1@ihsmarkit.com

Joanna Vickers
Corporate Communications
IHS Markit
T: +44 207 260 2234
joanna.vickers@ihsmarkit.com

Pamamaraan

Ang IHS Markit Philippines Manufacturing PMI® ay kinakalap ng IHS Markit mula sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa isang panel ng mahigit 400 manufacturer. Ang panel ay pinagpangkat-pangkat batay sa detalyadong sector at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya , batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng sumusunod na limang index: Mga Bagong Order (30%), Output (25%), Employment (20%), Delivery Times ng Mga Supplier (15%) at Mga Stock ng Pagbili (10%). Para sa pagkalkula ng PMI, ini-invert ang Index ng Delivery Times ng Mga Supplier nang sa gayon ay gumagalaw ito patungo sa isang katulad na direksyon kumpara sa ibang mga index

Hindi nirerebisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasaayos.

Ang data ng Setyembre 2021 ay nakolekta noong 13-23 Setyembre 2021.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa economics@ihsmarkit.com.

Tungkol sa IHS Markit

Ang IHS Markit (NYSE: INFO) ay isa sa nangunguna sa paghahatid ng mahahalagang impormasyon, analytics, at mga solusyon para sa malalaking industriya at merkado na nagpapatakbo sa ekonomiya sa buong mundo. Naghahatid ang kumpanya ng mga pinakabagong impormasyon, analytics at solusyon sa mga customer sa larangan ng negosyo, pampinansyal at pamahalaan, na nagpapahusay sa kanilang pangangasiwa at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na kaalamang nagreresulta sa mga matalino at pinag-isipang pasya. May mahigit 50,000 customer sa mga negosyo at pamahalaan ang IHS Markit, kabilang ang 80 porsyento ng mga kumpanya sa Fortune Global 500 at ang mga nangungunang pampinansyal na institusyon sa buong mundo.

Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito. Ang lahat ng iba pang kumpanya at pangalan ng produkto ay maaaring mga trademark ng mga may-ari ng mga ito © 2021 IHS Markit Ltd. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa IHS Markit, mangyaring mag-email sa katerine.smith@ihsmarkit.com. Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click dito.

Tungkol sa PMI

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinusubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayahan nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator ng mga paggalaw sa ekonomiya. Upang matuto nang higit pa, pumunta sa https://ihsmarkit.com/products/pmi.html.

Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, IHS Markit. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa IHS Markit. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananagot ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

© 2021 IHS Markit

PMI® By IHS Markit